



OPISYAL NA LATHALAIN NG DA-ATI CALABARZON

SKLAB

16

IKA-16 NA ISYU | HULYO - DISYEMBRE 2024

TAMPOK NA BALITA



04 AGRI360° ng ATI CALABARZON, waging *Best Poster* sa 37th RSRDEH



10 ATI CALABARZON, lumikha ng 30 tagapagsanay sa produksyon ng gulay



11 Kahalagahan ng *container gardening*, ibinida sa mga AgriNanay



Tagumpay ng Mikastra Integrated Farm:

Kung paano pinagyayaman ni Astra ang binhing itinanim ng kanyang yumaong asawa

Para kay Astralet "Astra" Marbella, liban sa kanilang apat na anak, kung mayroon mang isa pang bagay na mahigpit na nag-uugnay sa kanya at sa kanyang yumaong asawa— ito ay ang Mikastra Integrated Farm at ang kanilang pagmamahal sa pagsasaka.

TAMPOK NA KWENTO **Sundan sa PAHINA 6**



Mga Nilalaman

- 03** 8th TGP Summit, itinataguyod ang kaunlaran ng industriya ng niyog sa CALABARZON
- 4 na kabataang magsasaka mula sa CALABARZON, lumipad sa Taiwan para sa 11-buwang *internship* sa agrikultura
- 04** AGRI360° ng ATI CALABARZON, waging *Best Poster* sa 37th RSRDEH
- CALABARZON, muling hinirang na kampeon sa Nat'l Kabataang OA 2024
- 05** Mas mataas na ani ng mais, layon ng *climate-resilient* FFS ng ATI CALABARZON at CIP
- LSAs ng CALABARZON, nagsanay ukol sa pamamahala ng *farm school*
- 06** Tagumpay ng Mikastra Integrated Farm: Kung paano pinagyayaman ni Astra ang binhing itinanim ng kanyang yumaong asawa
- 08** Huwarang Lingkod ng Agrikultura: Kwento ng *Millenial Agriculturist* na si Joe Kim Cristal
- 10** ATI CALABARZON, lumikha ng 30 bagong tagapagsanay sa produksyon ng gulay
- Kasanayan sa *integrated pest management*, ibinahagi sa panibagong pangkat ng F2C2 *rice clusters* sa CALABARZON
- 11** 27 *farmer-beneficiaries* sa LuzViMin, nagsanay sa produksyon at pamamahala sa gatasang kalabaw
- Kahalagahan ng *container gardening*, ibinida sa mga AgriNanay



Patnugutan

Rolando V. Maningas, PhD
Sherylou C. Alfaro
 Mga Tagapayo

Archie C. Linsasagin
 Punong Patnugot

Janine L. Cailo
 Katuwang na Patnugot

Hans Christopher C. Flores
Jenica Krystel Nueva
Soledad E. Leal
John M. Mendoza
Mary Grace P. Leidia
Marian Lovella A. Parot
Archie C. Linsasagin
Janine L. Cailo
 Mga Manunulat

Jenica Krystel Nueva
Archie C. Linsasagin
 Mga Tagalapat

Tungkol sa
SKLAB

Ang pahayagang ito ay naglalaman ng mga impormasyon ukol sa mga pagsasanay at iba pang gawaing pang-ekstensyon ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON sa loob ng isang semestre.

Maaaring mag-iwan ng komento o suhestyon sa opisyal na email: rtc_calabarzon@ati.da.gov.ph.

8th TGP Summit, itinaguyod ang kaunlaran ng industriya ng niyog sa CALABARZON

Janine L. Cailo

LUCENA CITY, Quezon – Sa hangaring paigtingin ang industriya ng pagniniyugan, matagumpay na idinaos ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ang ika-walong Techno Gabay Program (TGP) Summit kasabay ng kauna-unahang Coconut Expo na mayroong temang “Kultura, Sining, at Agham tungo sa Makabagong Industriya ng Pagniniyugan.”

Katuwang sa inisyatibang ito ang Office of the Provincial Agriculturist (OPA) ng Quezon, Southern Luzon State University (SLSU), Department of Trade and Industry (DTI) Quezon, at Philippine Coconut Authority (PCA) IV-A mula Nobyembre 18-22, 2024.

Sa unang pagkakataon, inilunsad ang Coconut Expo sa Pacific Mall, Lucena City, na nagbigay ng plataporma para maipakita ang mga produktong niyog at makabagong teknolohiya sa industriya. Mahigit 200 kalahok ang dumalo sa *technology forum*, kabilang ang mga magsasaka at kooperatiba, na nagkaroon ng pagkakataong ipakilala at ibenta ang kanilang mga produkto.

Sa isinagawang Coconut Expo, dumalo ang siyam na *exhibitors* na nagpamalas hindi lamang ng galing sa pagpoproseso ng niyog kundi pati na rin ng malikhaing disenyo at inobasyon mula sa mga lokal na prodyuser.

Sa kanyang mensahe, ipinaabot ni Dr. Rolando V. Maningas, Center Director ng ATI CALABARZON, ang kahalagahan ng makabagong teknolohiya at pamamaraan upang mapanatili ang pag-unlad ng industriya habang pinalalakas ang kakayahan ng mga magniniyog sa mabilis na nagbabagong merkado.

Samantala, nagtipon sa Ouan's The Farm Resort sa Lucena City ang mga kawani mula sa Farmers' Information and Technology Services (FITS) Centers sa rehiyon para sa ika-8 Techno Gabay Program Summit. Nagbigay-daan ito sa pagsasanay sa modernong teknolohiya sa pagniniyugan, mula sa pagpoproseso hanggang sa pagpapalago ng negosyo.

Pinangunahan din ang paggawad ng parangal sa mga natatanging FITS Centers na nagpakita ng kahusayan sa pagbibigay ng mga serbisyong pang-impormasyon at panteknolohiya.



MINOR AWARDS

Information Services Category

* Highest Number of RCM Recommendations Generated (RCM Dissemination)
Pila, Laguna

* Highest Number of KPs Developed & Disseminated
Teresa, Rizal (Top)
Bacoor City, Cavite
Candelaria, Quezon
Rizal, Laguna
Calatagan, Batangas

Technology Services Category

* Highest Number of In-house Training Conducted & Assisted
Dasmariñas City (Top)
San Pablo City
Batangas City
Morong, Rizal
Atimonan, Quezon

Special Awards

* FITS Centers with Complete Reports (Provincial Level)
Cavite Province
Rizal Province

* Top 10 Performing FITS Center's Social Media Page
Lucena City
San Luis, Batangas
MoCa Family Farm RLearning Center
Polillo, Quezon
Imus City
Dasmariñas City
Candelaria, Quezon
Alabat, Quezon
Sta. Cruz, Laguna
Mauban, Quezon

* Best FITS Highlights of Accomplishment Poster
1st - OPA Cavite
2nd - Lucena City
3rd - Bacoor City

* Best Reels (Short Video on Best Practices of Magsasaka Siyentista)
1st - OPA Cavite
2nd - Tanza, Cavite
3rd - Bacoor City

* Best Techno-based IEC Material
1st - OPA Quezon
2nd - OPA Cavite
3rd - Taytay, Rizal

MAJOR AWARDS

Excellence Awardees

Gen. Trias City
Dasmariñas City
Pila, Laguna
San Pablo City
Batangas City
Mataasnakahoy, Batangas
Taytay, Rizal
Morong, Rizal
Teresa, Rizal
Catanauan, Quezon
Candelaria, Quezon

8th TGP Summit
AWARDS

4 na kabataang magsasaka mula sa CALABARZON, lumipad sa Taiwan para sa 11-buwang internship sa agrikultura

Archie C. Linsasagin

DILIMAN, Quezon City – Matapos kumpletuhin ang pre-departure orientation course (PDOC) para sa “Filipino Young Farmers Internship Program in Taiwan (FYFIPT) Batch 2025,” lumipad patungong Taiwan noong Nobyembre 12, 2024 ang apat na kabataang magsasaka sa CALABARZON para sa intensive immersion sa iba’t ibang kasanayang pang-agrikultura.

Kaugnay nito, noong Nobyembre 11, nagsagawa ang DA-Agricultural Training Institute (ATI) Central Office ng isang *send-off ceremony* para sa 50 kabataang magsasaka. Kabilang dito ang apat na kabataan mula sa CALABARZON na sina Cherry Huerra (Indang, Cavite), Phia Paula Dejesa (Naic, Cavite), Angeli Grace Ilao (Nasugbu, Batangas), at Dan Renbert Ferma (Mendez, Cavite).

Samantala, kinilala at tumanggap din ng 150,000-pisong *grant* bilang Outstanding Agribusiness Proposal of FYFIPT Batch 3 Graduate ang *Bokchoy Production* na proyekto ni Jade Destasura (Indang, Cavite), intern sa ilalim ng FYFIPT Batch 2024.

Matatandaang naging *intern* sa loob ng 11 buwan si Destasura sa Jian Township Hualien Country na nakatuon sa *organic vegetable production*.

Kabilang sa mga nilalayan ng 11-buwang *intensive immersion* sa ilalim ng FYFIPT ang pagpapaigting sa kakahayan at kasanayan ng mga *intern* hinggil sa makabagong teknolohiya at pamamaraan sa pagsasaka at pangisdaan, *advanced* na produksyon, pagmamarket, at pamamahala ng kooperatiba.

Bunga ang FYFIPT ng pagtutulungan ng Manila Economic and Cultural Office (MECO) at Taipei Economic and Cultural Office in the Philippines (TECO) na layong palakasin ang ugnayan ng dalawang tanggapan sa pamamagitan ng implementasyon ng *internship program* para sa mga kwalipikadong kabataang masasaka sa Pilipinas.



AGRI360° ng ATI CALABARZON, waging *Best Poster* sa 37th RSRDEH

✍ Archie C. Linsasagin



BIÑAN CITY, Laguna – Kinilala bilang *Best Poster* ang proyekto ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON na AGRI360° sa ginanap na 37th *Regional Symposium on Research, Development, and Extension Highlights (RSRDEH)*.

Bilang kabahagi na *consortium member institution (CMI)* ng Southern Tagalog Agriculture, Aquatic, and Resources Research Development and Extension Consortium (STAARRDEC), aktibong nakilahok ang DA-ATI CALABARZON sa ginanap na 2nd *Regional Research and Innovation Week (RRIW)* sa De La Salle University (DLSU) Laguna Campus noong Nobyembre 27-29, 2024.

Bahagi nito ang 37th RSRDEH kung saan nagsilbing *entry* ng ahensya ang “*Steering Digital Transformation to LSAs*



and PAF-ESPs through AGRI360°” ng Information Services Section (ISS) sa ilalim ng *extension category*.

Inilahad ni Bb. Maridelle Jaurigue, ISS Chief ng DA-ATI CALABARZON, ang nasabing proyekto noong Nobyembre 27, 2024, na naglalayong palakasin ang mga Learning Site for Agriculture (LSA) at Private Agriculture and Fisheries - Extension Service Provider (PAF-ESP) *farms* bilang *technology demonstration at tourism sites* sa rehiyon sa pamamagitan ng isang *web-based platform*.

Matatandaan namang pinarangalan bilang *Best Project Paper* ang AGRI360° sa ginanap *Internal Assessment* ng DA-ATI CALABARZON noong Agosto 23, 2024.

CALABARZON, muling hinirang na kampeon sa National Kabataang OA 2024

✍ Archie C. Linsasagin

QUEZON CITY — Muling naibalik sa CALABARZON ang tropeyo matapos hirang kampeon ng 3rd *National Kabataang Organic Agriculture (OA)* ang pambato nitong si Joseph Carlo Viray, mag-aaral ng kursong Agrikultura mula sa Southern Luzon State University (SLSU).

Matatandaang unang nakamit ng rehiyon ang kampeonato noong 1st *National Kabataang OA*, samantalang pangatlong taon nang magkakasunod na pasok sa *Top 5* ang SLSU sa nasabing kompetisyon.

Ang *Search for Kabataang OA* ay isang *quiz contest* na naglalayong maipalaganap ang organikong pagsasaka at mahiyakat ang mga kabataan na kumuha ng mga kursong kaugnay ng agrikultura.

Nakipagtagisan si Viray sa iba pang *regional champions* mula sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Bahagi ang kompetisyon ng pagdiriwang sa 10th *Organic Agriculture Month* na may temang “*Kabuhayang OA, Kinabukasang OK: PGS Pinalakas para sa Bagong Pilipinas.*”



Inisagawa ang aktibidad noong Nobyembre 14, 2024, sa Axiaa Hotel, Quezon City.

Mas mataas na ani ng mais, layon ng *climate-resilient* FFS ng ATI CALABARZON at CIP

Marian Lovella Parot

BATANGAS CITY – Sa gitna ng mga hamon ng pagbabago ng klima at epekto nito sa agrikultura, ipinakita ng *Climate-Resilient Farmer Field School (CRFFS) for Corn* ang halaga ng pagbibigay ng angkop na kaalaman at kasanayan sa mga magsasaka upang matulungan silang maging mas handa rito.



Inisagawa ang nasabing CRFFS for Corn sa pamamagitan ng pagtutulungan ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON, United States Agency for International Development (USAID) Conservation International - Philippines (CIP), at Tanggapan ng Panlungsod na Agrikultur ng Batangas City mula Agosto 2 - Disyembre 6, 2024 sa Brgy. Sorosoro Ilaya sa nabanggit na lungsod.

Upang mapataas ang ani ng mais habang pinapanatili ang pagiging ligtas at sustenable ng kanilang pamamaraan sa Batangas City, sinanay ang mga kalahok sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa *climate-smart agriculture*, kabilang ang tamang irigasyon, pagpili ng mga binhing matatag sa iba't ibang klima, angkop na pamamaraan ng pagtatanim, at tamang paggamit ng abono.

Kaugnay nito, 29 na magsasaka ang matagumpay na nagtapos sa pagsasanay. Bukod dito, bawat isa sa kanila ay pinagkalooban ng isang sakong kumpletong pataba bilang suporta sa kanilang susunod na pagtatanim.

Isa ang Batangas City sa anim na mga lungsod na kabilang sa *climate resilient cities* (CRC) na suportado ng USAID at Catholic Relief Services (CRS).

Matatandaan namang lumagda ng *memorandum of understanding* ang DA-ATI CALABARZON at CIP noong Abril 22, 2024, para sa pagpapatupad ng nasabing CRFFS.

Nilalayan ng nasabing proyekto na mapabuti ang integrasyon ng progresibong agrikultura at pagtugon sa pagbabago ng klima upang makamit ang seguridad sa pagkain sa kabila ng mga hamon ng panahon at tumataas na pangangailangan sa pagkain.



LSAs ng CALABARZON, nagsanay ukol sa pamamahala ng *farm school*



Soledad E. Leal

PADRE GARCIA, Batangas – Tampok ang mga estratehiya sa pamamahala ng *farm* sa unang pangkat ng tatlong araw na *Training on Farm School Operations and Management* noong Disyembre 6-8, 2024.

Pinangasiwaan ito ng MoCa Family Farm RLearning Center, Inc. na isang Private Agriculture and Fishery Extension Service Provider (PAF-ESP) ng DA-ATI CALABARZON.

Aktibong lumahok ang 25 na *farmer-cooperators* ng mga *certified* Learning Sites for Agriculture (LSA) ng DA-ATI CALABARZON mula sa iba't ibang bahagi ng rehiyon sa nasabing pagsasanay.

Nilalayan ng aktibidad na mabigyan ng kaalaman at kasanayan ang mga kalahok ukol sa pamamahala sa *farm schools* na naaayon sa Technical and Vocational Education and Training (TVET).

Binigyang-diin din ng pagsasanay ang pagbibigay ng mga estratehiya at kaalaman ukol sa TVET System at pagpapalakas sa kanilang kasanayan sa pamamahala.

Nagsilbing tagapagtalakay sina Bb. Gloria P. Morris, *farm school* directress; at Bb. Ma. Gretchen Dalita mula sa nasabing PAF-ESP na nagbahagi ng mga kaalaman sa mga kalahok.

“Maraming salamat sa pagkakataon na nakasama sa training na ito at nagkaroon ng mga kaalaman at kasanayan ukol sa pamamahala sa isang farm school. Talagang magagamit namin ito para mapabuti pa ang operasyon ng aming mga farm at makapag-serve pa nang maayos sa sektor ng agrikultura,” ani Danilo Casama mula sa Casama Agricultural Learning Center sa Maragondon, Cavite.

Samantala, ang ikalawang pangkat naman ng nasabing pagsasanay ay isinagawa noong Disyembre 11-13, taong kasalukuyan.

TAGUMPAY NG MIKAstra INTEGRATED FARM:

Kung paano pinagyayaman ni Astra ang binhing itinanim ng kanyang yumaong asawa

// Archie C. Linsasagin

Para kay Astralet "Astra" Marbella, liban sa kanilang apat na anak, kung mayroon mang isa pang bagay na mahigpit na nag-uugnay sa kanya at sa kanyang yumaong asawa—ito ay ang Mikastra Integrated Farm at ang kanilang pagmamahal sa pagsasaka.

Pagpunla sa binhi ng tagumpay

Taong 2019 nang pagsumikapang simulan ni Michael Marbella, ang yumaong asawa ni Astra, ang Mikastra Integrated Farm na matatagpuan sa Brgy. San Nicolas, Macalelon, Quezon.

Sa loob ng sampung taon, nagsikap bilang *overseas Filipino worker* (OFW) sa Qatar si Michael. Nang napagpasyahang bumalik at manatili sa Pilipinas, unti-unti niyang sinimulang linangin ang lupaing kinalakihan niya. Noong una, naisipan ni Michael magtayo ng isang distilyera ng lambanog dahil hitik sa puno ng niyog ang kanilang sakahan.

Upang higit pang mapalalim ang kanyang kaalaman sa pagsasaka, lumahok si Michael sa pagsasanay sa isang *farm school* sa Sariaya, Quezon. Nakita ni Michael kung paano nakatutulong ang *farm school* sa mga magsasaka. Buhat dito, nahanap niya ang inspirasyon upang magtayo ng sariling *farm school* sa Macalelon, upang matulungan din ang mga magsasaka sa kanilang lugar.

"Yung asawa ko kasi kapag may gusto siyang gawin, doon niya isine-set 'yung mind niya. Mula doon, naisip niyang mag-train din ng iba sa Macalelon at gusto niyang maraming matulungan na mga magsasaka," pag-alaala ni Astra sa kanyang asawa.

Bunsod ng kagustuhang magkaroon ng isang *farm school*, buong dedikasyong nagsaayos at nagsumite si Michael ng mga kinakailangang dokumento. Lumahok din siya sa mga pagsasanay gaya ng Farm Business School (FBS) ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON. Bagama't hindi pa ganoon kasanay sa pagsasaka, ibinuho ni Astra ang suporta sa kanyang asawa upang tulungan itong makamit ang ninanais.

Hindi rin nagtagal, nakatanggap ng sertipikasyon ang Mikastra Integrated Farm bilang isang ganap na *Learning Site for Agriculture* (LSA) ng DA-ATI CALABARZON noong ika-1 ng Hulyo 2022 sa ilalim ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF). Isa ang Mikastra Integrated Farm sa mga unang farm sa Bondoc Peninsula o Ikatlong Distrito ng Quezon na kinikilala bilang isang LSA.

Kalaunan, naging susi ang pagiging LSA ng nasabing *farm* sa akreditasyon nila bilang isang *farm school* ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) noong ika-18 ng Agosto 2022.

Mula sa maliliit na tagumpay na ito, nagsimulang maging mabunga ang binhi na sinimulang itanim ni Michael.

Pagpapayaman sa binhi ng tagumpay

Hindi man nakagisnan ang pagsasaka, kalaunan ay naging interesado rin sa pagsasaka si Astra dahil na rin sa dedikasyon ng kanyang asawa. Nakita rin ni Astra ang mga benepisyo ng pagsasaka sa kanilang pamilya at komunidad—na naging dahilan upang tuluyan niya itong yakapin.

"Simula po noong napadpad ako sa farm at naturuan ng aking mister, very fulfilling po pala. Hindi lang siya negosyo eh, napapasaya mo rin yung ibang tao dahil marami po kayong natutulungan," ani Astra.

Gayunman, hindi naging madali ang lahat para kay Astra, lalo na nang dumating ang trahedyang sa kanilang pamilya nang yumao ang kanyang asawa dahil sa isang aksidente. Sa kabila nito, sa halip na mawalan ng pag-asa, nakahanap si Astra ng lakas sa kanyang mga anak at sa mga sinimulan ni Michael sa Mikastra Integrated Farm.

Nagsimula niyang yakapin ang pagiging tagapamahala ng kanilang *farm* upang ipagpatuloy ang itinuturing niyang pamanang yaman ng kanyang asawa at tuparin ang mga hangarin nito noong siya'y nabubuhay pa.

"Kaya rin po siguro yung asawa ko ay medyo binilisan niya ang pagtatrabaho or para maitayo niya 'yung farm, dahil 'yun po ang mission niya eh. Ako po 'yung naiwan at itinutuloy ko po yung mga nasimulan niya sa farm," pahayag ni Astra.

Aminado rin si Astra na marami siyang dapat pang matutuhan sa pamamahala ng isang *farm school* at sa paghahatid ng serbisyo sa mga magsasaka ng Macalelon. Dahil dito, noong 2023, lumahok siya at kalauna'y naging isang tagapagsanay ng RCEF Digital Agriculture Course at Production of High-Quality Inbred Rice Seeds and Farm Mechanization sa pamamagitan ng DA-ATI CALABARZON.

Bitbit ang kumpiyansa sa kaalaman at kasanayan na nakuha mula sa mga pagsasanay at aktwal na demonstrasyon, nagsisilbi na siya ngayong tagapagsanay ng RCEF sa kanilang *farm school*, partikular sa mga nabanggit na paksa.

"Proud po ako sa pagiging RCEF trainer dahil marami pong natutulungan, napapadali ang kanilang trabaho, at napapaliit ang gastos," aniya.

Maliban dito, nag-aalok na rin ang Mikastra Integrated Farm ng National Certifications (NC) sa ilalim ng TESDA. Kabilang dito ang NC II para sa Organic Agriculture, Agricultural Crops Production, at NC II at III sa Agro-Entrepreneurship.

"Yung mga staff and trainer po namin ay kinukuha ko rin po mula sa mga nag-aaral sa amin na may potensyal po na makapagturo. Sa ganoong paraan, nakakapagbigay rin po tayo ng trabaho," pagbabahagi pa ni Astra.

Sa kabilang dako, pinanatili pa rin ng farm ang produksyon ng *coconut sap* kung saan gawa ang kanilang ipinagmamalaking lambanog at *coconut vinegar*. Sa ganitong paraan, may dagdag-kita ang Mikastra Integrated Farm mula sa pagpoproseso.

Pag-ani sa bunga ng pagsisikap—tagumpay

Bunsod ng dedikasyon at pagsisikap na sinimulan ni Michael at ipinagpatuloy ni Astra, umaani na ng tagumpay ngayon ang Mikastra Integrated Farm. Ilan sa mga patunay nito ay ang pagkamit nila ng pagkakilala bilang isa sa mga katuwang ng lokal na pamahalaan ng Macalelon sa pagtataguyod ng sektor ng agrikultura sa bayan. Kinilala rin ang Mikastra Integrated Farm ng TESDA bilang isa sa mga aktibong *farm school* sa Bondoc Peninsula.

Para kay Astra, sa gitna ng mga pagkilalang ito, mas ipinagmamalaki niya ang positibong pagtanggap at pagyakap ng mga kapwa magsasaka sa makabagong teknolohiya at makinarya sa pagsasaka na kanilang ibinabahagi.

"Nu'ng nalaman po ng farmers dito na kami po ay nagte-train ng production of quality inbred rice, seed certification, and farm mechanization ay natuwa po sila. Nalaman nila na mas maganda po palang gumamit ng mga makinarya at makabagong teknolohiya para mas lalo pong mapabilis ang kanilang pagsasaka at mas maparami po ang kanilang kita," masayang ibinagi ni Astra.

Sa ngayon, nagawa ng Mikastra Integrated Farm na makapagsanay ng 200 mga magsasaka at indibidwal na nakahiligan ang pagtatanim—bagay na ikinagagalak ni Astra.

Hanggang sa susunod na pag-ani ng tagumpay

Aminado si Astra na malayo pa ang daang tatahakin nila tungo sa ruok ng tagumpay. Pero gaya ng ipinangako niya sa kanyang asawa, nais niyang makapagdagdag pa ng pasilidad sa kanilang *farm* at maging Private Agriculture and Fisheries - Extension Service Provider (PAF-ESP) ng DA-ATI CALABARZON, upang mas marami pang matugunang pangangailangang pangkasanayan ang kanilang *farm*, hindi lamang sa Macalelon, kundi sa buong rehiyon.

"Gusto ko pong bigyan ng katuparan yung mga pangarap niya noong siya ay nabubuhay pa," ani Astra.

Nilalayan din ng Mikastra Integrated Farm na palaguin ang sinimulang kabuhayan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng *hydroponics* at *small ruminant production*. Bukod pa ay ang pagdaragdag ng mga kursong pang-agrikultura na kanilang itinuturo.

"Naaalala ko po yung sinabi ng asawa ko na kapag meron kang misyon at plano, alam mo ang tatahakin mo. Dire-diretso lang, pasasaan pa at magtatagumpay rin tayo. At isama po natin na makatulong tayo sa kapwa," mensahe naman ni Astra sa mga nagnanais na simulan at ipagpatuloy ang isang kabuhayang pang-agrikultura.

Malayo man sa isa't isa sina Astra at Michael ngayon, pinagdurugtong naman sila ng pag-ibig—hindi lamang para sa kanilang pamilya kundi para na rin sa pagsasaka.



Huwarang Lingkod ng Agrikultura: Kwento ng *Millennial Agriculturist* na si Joe Kim Cristal

// Hans Christopher C. Flores



Sa likod ng bawat masaganang ani at matagumpay na bukirin ay naroon ang dedikasyon at talino ng mga taong naglilingkod sa agrikultura.

Isa sa kanila si Joe Kim U. Cristal, isang teknikong pang-agrikultura na nagbigay ng bagong kaalaman at pamamaraan sa bayan ng Candelaria, Quezon. Mula sa simpleng simulain, natutunan ni Joe Kim ang mga makabagong teknolohiya at *sustainable practices* sa pagtatanim ng palay.

Sa tulong ng kanyang kaalaman, nabago ang pamamaraan ng maraming magsasaka sa pagtatanim ng palay. Unti-unti niyang pinatunayan na ang agrikultura ay hindi lamang kabuhayan, kundi isang mahalagang propesyon sa kanilang bayan. Ito ang kuwento ng kanyang tagumpay—isang inspirasyon sa bawat tekniko na naniniwala sa dedikasyon, sipag, tiyaga, at pangarap.

Mga simulain bilang tekniko

Matapos magtapos sa kursong Agrikultura, naging tekniko si Joe Kim ng Philippine Coconut Authority (PCA) at nadeestino sa bayan ng Candelaria, Quezon upang labanan ang lumalaganap na pinsala ng *Cocolisap*.

Makaraan ang kanyang tungkulin sa PCA, napagpasyahan niya na maging tekniko sa bayan. Isa sa kanyang unang proyekto ang pagtuturo sa mga magsasaka ng makabagong pamamaraan sa pagtatanim ng palay. Ito ay dahil napansin niya na karamihan sa mga magsasaka ay gumagamit pa rin ng tradisyunal na paraan, na madalas magresulta sa mababang ani at kita.

Pagpanday ng kasanayan

Bago lubos na makatulong sa mas maraming magsasaka, aminado si Joe Kim na kailangan niya pang pandayin ang kanyang kaalaman at kasanayan. Sa pamamagitan ito ng aktibo niyang pakikibahagi sa mga pagsasanay, gaya na lamang ng mga programa ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON.

Sumailalim si Joe Kim sa mga pagsasanay ng ahensya, katulad ng *Agricultural Development Officers of the Community (AgriDOC)* at *Farmer Field School (FFS)*. Dito ay lubos niyang natutunan ang mga pamamaraan sa pagtatanim ng palay na naaayon sa kinakailangan ng makabagong panahon. Bukod dito, napabilang din siya sa iba pang mga pagsasanay tulad ng *Climate Smart Farm Business School (CRFBS)*. “*Malaki po ang naging tulong sa kin ng ATI. Kundi po dahil sa mga pagsasanay na aking nalahukan ay hindi po madaragagan po ang aking kaalaman sa mga makabagong teknolohiya sa pagpapalay,*” pahayag ni Joe Kim.


Naging bihasa rin siya sa paggamit ng *Rice Crop Manager (RCM)* kung saan nalaman niya kung kailan, anong uri, at dami ng pataba ang gagamitin. Sa kasalukuyan naging tagapagsanay rin si Joe Kim ng *Digital Farmers Program (DFP)*, kung saan itinatuturo niya ang kahalagahan ng digitalisasyon sa makabagong pagsasaka.

Pagtugon sa hamon

Sa simula, naranasan ni Joe Kim kung gaano kahirap kumbinsihin ang mga magsasaka na yakapin ang mga bagong teknolohiya sa pagsasaka.

Katuwang ang kanyang mga kasamahan sa Tanggapan ng Pambayang Agrikultor ng Candelaria, nagsagawa sila ng iba't ibang mga pagsasanay ukol sa makabagong paraan ng pagtatanim ng palay, katulad ng CRFBS. Sa gawaing ito ay itinuro sa mga magsasaka ang mga pamamaraan sa tamang pagpili ng binhi at paghahanda ng lupa. Gayundin, tinalakay sa pagsasanay ang tamang pamamahala sa sakit at peste ng palay.

Bahagi rin ng pagsasanay ang pagtuturo sa mga magsasaka na bumalangkas ng kanilang sariling business plan at ang kahalagahan ng *record keeping*. Bukod dito, nagsagawa sila ng mga *technology demonstration* upang maipakita sa mga magsasaka ang kaibahan ng tradisyunal sa makabagong pagtatanim ng palay. Kasabay nito ang pagbuo ng mga group chat upang madali nilang maiparating ang mga anunsyo at agarang mapag-usapan ang nangyayari sa kanilang palayan.



Tagumpay bilang huwarang tekniko

Dahil sa kolektibong pagtutulungan ng mga tekniko at ng Tanggapan ng Pambayang Agrikultor, napansin ni Joe Kim ang malaking pagbabago sa kabuhayan ng mga magsasaka. Sila rin ay mas naging aktibo sa pakikilahok sa mga gawain ng Tanggapan at nakapag-ani nang halos doble kumpara sa dati nilang ani.

Bukod dito, nabawasan ang kanilang gastos dahil sa wastong paggamit ng abono at pestisidyo. Noon, ang karaniwang inaani ng mga magsasaka sa kanilang bayan ay 3.7 metrikong tonelada, ngunit ngayon, umaani na sila ng higit sa apat na metrikong tonelada kada ektarya.

Masigasig din ang kanilang Tanggapan sa pagpapalaganap ng kaalaman sa mga *digital tools* tulad ng Rice Crop Manager Advisory Services (RCMAS). Natututo na rin ang ibang magsasaka na gumamit ng mga *online platform* para sa pagbebenta ng kanilang mga inaaning produkto.

Sa dedikasyon at sipag ni Joe Kim, kabahagi ang suporta ng kanyang mga kasamahan, nakatanggap siya ng pagkilala mula sa ATIng Parangal ng DA-ATI CALABARZON bilang “Natatanging Kaagapay na Agricultural Extension Worker” sa Pambayang Kategoriya noong 2022. Ito ay idinaraos ng DA-ATI CALABARZON tuwing ikatlong taon, upang magbigay ng parangal sa mga tekniko ng CALABARZON sa kanilang natatanging ambag sa larangan ng pagsasaka sa rehiyon.

Madalas na rin siyang kinukuhang tagapagtalakay ng DA-ATI CALABARZON sa mga pagsasanay tungkol sa pagtatanim ng palay.

“Para sa mga kabataan na nais pumasok sa agrikultura, maging handa kayo sa mga hamon, ngunit huwag kayong mawawalan ng pag-asa. Mahalaga ang dedikasyon at pagpapaunlad ng kaalaman upang makasabay sa mga hamon sa agrikultura,” aniya.

Dagdag pa niya, *“Ang pinakamahalagang aral na aking natutunan bilang isang rice technician ay ang kahalagahan ng pagtitiyaga, pakikisama, at pakikipagtulungan. Kinakailangan ang pagsusumikap, pakikinig sa mga problema ng magsasaka, at patuloy na pagbabahagi ng kaalaman. Para sa aking kapwa mga technician, tayo ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng sektor ng pagsasaka.”*



Ang tagumpay ni Joe Kim bilang isang tekniko ng agrikultura ay patunay na ang dedikasyon at kaalaman ay may kakayahang baguhin hindi lamang ang kanyang sariling buhay kundi pati na rin ang kinabukasan ng maraming magsasaka.

Sa bawat butil ng palay na kanyang natulungang maani, mayroong kwento ng pag-asa, pagkakaisa, at tagumpay. Ang kanyang pagsusumikap ay isang paalala na ang agrikultura ay nananatiling pundasyon ng ekonomiya, at ang mga tulad niya ang nagbibigay ng pag-asa at inspirasyon upang patuloy na paunlarin ang sektor.

ATI CALABARZON, lumikha ng 30 bagong tagapagsanay sa produksyon ng gulay

John M. Mendoza

TRECE MARTIRES CITY, Cavite – Matagumpay na nakumpleto ng mga bagong tagapagsanay sa larangan ng gulayan ang apat na buwang *Season-long Training of Trainers on Vegetable Production, Postharvest Handling Technologies, and Marketing* na isinagawa ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON.

Nagsilbing kalahok sa programa ang 30 tagapagsanay mula sa iba't ibang Tanggapan ng Pambayang Agrikultor at mga Learning Site for Agriculture (LSA). Layunin nitong mapalakas ang kaalaman at kasanayan ng mga kalahok sa pagtatanim ng gulay na nakabatay sa agham at maibahagi ito sa mga magsasaka.

Sa unang yugto ng pagsasanay, tinutukan ng mga kalahok ang mahahalagang paksa tulad ng kalagayan ng industriya ng gulayan, *morphology at growth stages* ng mga pananim, paghahanda sa lupa, pagtatanim, pamamahala sa mga tanim, *integrated nutrient management, good agricultural practices (GAP), integrated pest management*, at mga kasanayan sa pagtuturo sa pamamagitan ng *microteaching presentation*.

Nagsimula naman mula Mayo 22 hanggang Setyembre 13, 2024, ang ikalawang yugto ng pagsasanay na nakatuon sa *agro-ecosystems analysis (AESAs)*, pagbabago ng klima, *integrated farming system*, produksyon at pamamahala ng *grafted seedlings*, pag-aani at *postharvest handling technologies*, mga konsepto ng *organic agriculture*, mga uri ng gulay at produksyon ng binhi, pagproseso, *value-adding at marketing*, at *scientific writing*.



Kaalinsabay nito, nagsagawa rin ng 16 na linggong pagsasanay para sa mga magsasaka o Farmers Field School (FFS), kung saan 126 na magsasaka at kabataan mula sa Gen. Trias City, Tanza, at Trece Martires City ang mga naging benepisyaryo.

Kilala bilang Batch I - Marahuyo, ninanais ng mga nagtapos na kalahok na maging tulay sila upang makapaghikayat ng mga magsasaka, gayundin ng mga kabataan, na yakapin ang mga makabagong teknolohiya sa pagtatanim.

“To ATI CALABARZON, thank you for always opening your door and bringing opportunities to us — AEW. This institution capacitates us in many different ways. It aligns with one of your core values, ‘We give the best,’” ani Mico B. Comia, tekniko mula sa Guinayangan, Quezon.

Pinasinayaan naman ni ATI National Director Engr. Remelyn R. Recoter ang seremonya ng pagtatapos

Samantala, ang mga bagong tagapagsanay ay inaasahang magsasagawa ng *Farmers Field School (FFS)* sa kanilang mga komunidad.

Kasanayan sa *integrated pest management*, ibinahagi sa panibagong pangkat ng F2C2 rice clusters sa CALABARZON

Mary Grace P. Leidia

TRECE MARTIRES CITY, Cavite – Sinanay ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ukol sa *integrated pest management (IPM)* ang panibagong pangkat ng mga magpapalay mula sa iba't ibang *rice clusters* sa rehiyon, mula Hulyo 31 hanggang Agosto 2, 2024, sa DA-ATI CALABARZON.

Sa pakikipagtulungan ng DA-Regional Field Office (RFO) IV-A at Regional Crop Protection Center (RCPC) IV-A, isinagawa ng DA-ATI CALABARZON ang huling pangkat ng *Capability Enhancement for Farmer Leaders* na may titulong *“Empowering Rice Clusters: Advancing Knowledge on Integrated Pest Management (IPM) for Rice.”*

Layunin ng pagsasanay na mabigyan ng bago at sapat na kaalaman at kasanayan ang mga kalahok tungkol sa mga pesteng

insekto at sakit ng palay, at kung paano pamahalaan ang mga ito sa pamamagitan ng IPM. Nilahukan ito ng mga magpapalay mula sa iba't ibang Farm and Fisheries Clustering and Consolidation (F2C2) *rice clusters* sa mga bayan ng Lian at San Juan sa Batangas; Gen. Trias City, Tanza, at Imus City sa Cavite; at Antipolo City, Rizal.

Sa pagsisimula ng pagsasanay, nagbigay ng mensahe ng pagsuporta ang OIC-Administrative & Finance Unit Chief ng DA-ATI CALABARZON na si G. Jaypee Patricio.



Nagsilbi namang tagapagtalakay sina Bb. Pamela Marasigan, Bb. Sierralyn Sandoval, G. Eugene Calabia, at G. Alvin Mendoza mula sa RCPC IV-A.

Sa pagtatapos ng pagsasanay, nagbigay ng pagbati at mensahe si Bb. Jhoanna Santiago, F2C2 Focal Person, mula sa DA-RFO IV-A na kinatawan ni Regional Executive Dir. Fidel Libao.

Samantala, bilang pangwakas, nagpaabot ng pagbati sa mga nagtapos na mga magsasaka si DA-ATI CALABARZON Asst. Center Dir. Sherylou C. Alfaro. Aniya, *“Ang panawagan po namin, huwag po kayong mapapagod at magsasawa po na matuto at um-attend sa mga patawag—hindi lamang ng ATI pati na rin sa mga aktibidad na makikinabang po kayo. Napakahalaga po ng ganitong gawain para makatulong na matugunan ‘yung ilan sa mga suliranin sa sakahan.”*

27 farmer-beneficiaries sa LuzViMin, nagsanay sa produksyon at pamamahala sa gatasang kalabaw

Archie Linsasagin



CALABARZON – Upang makatulong sa pagsusulong ng industriya ng gatasang kalabaw, sinanay ng DA - Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ang 27 *farmer-beneficiaries* mula sa iba't ibang bahagi ng bansa hinggil sa produksyon at angkop na pamamahala ng gatasang kalabaw.

Sa pakikipagtulungan sa DA-Philippine Carabao Center (PCC), DA-Philippine Coconut Authority (PCA), at Villar Foundation Farm School and Tourist Farm, isinagawa ng DA-ATI CALABARZON ang *Training on Dairy Buffalo Production and Management*.

Nagsimula ang nasabing pagsasanay noong Hulyo 16, 2024, at nagtapos noong Hulyo 18 ng kaparehong taon, sa pamamagitan ng isang pangwakas na programa para sa mga kalahok na binubuo ng *program beneficiaries* ng PCA at PCC mula sa iba't ibang rehiyon sa Luzon, Visayas, at Mindanao.

Nagsilbing mga sanayan ang Villar Foundation Farm School and Tourist Farm (Bacoor City, Cavite) at PCC-UPLB (Los Baños, Laguna) para sa mga *lecture at hands-on demonstrations*. Nagkaroon din ng *benchmarking* ang mga kalahok hinggil sa pamamaraan ng pamamahala ng gatasang kalabaw na ibinahagi ng mga miyembro ng The Rosario Livestock and Farming Cooperative.

Layong tugunan ang mga pangangailangan sa impormasyon at teknolohiya ng mga kasalukuyan at potensyal na *daily buffalo raisers* sa bansa, kabilang sa mahahalagang paksa sa pagsasanay ang *body condition scoring, nutrition and feeding of dairy water buffaloes, animal health, at milking procedure*—na ibinahagi ng mga eksperto mula sa PCC-University of the Philippines Los Baños (UPLB).

Pinangunahan naman ng *Career Development and Management Section* (CDMS) ng DA-ATI CALABARZON ang nasabing pagsasanay.

Kahalagahan ng container gardening, ibinida sa mga AgriNanay

Jenica Krystel Nueva

LOS BAÑOS, Laguna — Bilang bahagi ng pagsusulong ng National Urban and Peri-urban Agriculture Program (NUPAP), isinagawa ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ang *AgriNanay: Nurturing Healthier Families through Container Gardening* noong Agosto 13, 2024, na nilahukan ng 30 kababaihan mula Brgy. Tuntungin-Putho.



Layunin ng aktibidad na turuan ang mga kalahok ng tamang pamamaraan ng pagtanim ng halaman sa mga *container* at magkaroon ng dagdag na kaalaman ukol sa kahalagahan nito, lalo na sa paghahain ng masustansyang pagkain para sa kanilang pamilya.

Nakatanggap din ang mga kalahok ng *starter kit* mula sa ahensya na magsisilbing panimula nila sa pagtanim ng halaman sa kanilang komunidad.

Nagsilbing mga tagapagtalakay sa *seminar* sina Bb. Kathlyn Paladin at Engr. John Mendoza, mga kawani ng DA-ATI CALABARZON. Naging katuwang naman ng ahensya ang Daughters of Mary Immaculate International Theresian Circle na nanguna sa imbitasyon sa mga kalahok.

Dagdag pa, nagpaabot ng mensahe ng pagsuporta si DA-ATI CALABARZON Center Director Dr. Rolando V. Maningas. Aniya, inaasahan niyang magsisilbing panimula ang *seminar* tungo sa mas malusog na komunidad.



Mga Naisakatuparan

Hulyo - Disyembre 2024

	BILANG NG	
	PAGSASANAY	MGA KALAHOK
Rice Program	11	295
HVCDP	3	90
RCEF Program	3	82
Binhi ng Pag-asa Program	20	400
PAFES	1	25
NUPAP	5	161

	BILANG NG	
	PAGSASANAY	MGA KALAHOK
Corn Program	18	540
OA Program	3	114
Regular Program	12	398
Livestock Program	14	460
CFIDP	25	1,397
Other Extension Services	35	1,066



Department of Agriculture
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
 REGIONAL TRAINING CENTER
 CALABARZON

8575 Camerino St., Brgy. Lapidario
 Trece Martires City, Cavite